[redacted]

DAVAO ORIENTAL DSPC DIVISION SCHOOLS PRESS CONFERENCE

Unique Reference Code: 020

Event & Medium: News Writing Filipino

Level (Elem/Sec): secondary

1st

Solon

Rep Romulo, Nilinaw na hindi pa final ang zero budget para sa mga bagong guro

Nilinaw ni Congressman Roman Romulo na hindi pa final ang sinasabing zero budget para sa hiring nang mga bagong guro sa taong 2027.

Sa kanyang panayam sa 105.9 True FM Teleradyo, binigyang linaw ng congressman na hindi pa final ang zero budget na ilalaan para sa pag hi-hire ng mga bagong guro.

Paglilinaw ni Congressman Romulo na kailangang makita muna ng mga congreso ang pundo ng Fund Utilization upang matugunan ang anumang kailangang suportahan at tugunan para sa pag hi-hire.

layunin ng congreso na mabigyan ng pondo ang DEPED upang matugunan ang kakulangan nang mga guro sa bansa.

Ayon kay Rep. Romulo hindi pwede na zero ang budget dahil nangangailangan din nang mga bagong guro ang ibat-ibang paaralan sa bansa.

"Hindi naman po talaga kailangang zero yan dahil again po nangangailangan din tayo ng mga bagong teachers," Giit ni Congressman Romulo.

Dagdag pa nang Congressman na noong nakaraang taon ay mayroong 32 thousand teaching position at more or less ay napuno naman agad ang mga bakanteng posisyon na iyon.

Samantala, ang paglilinaw ni Rep. Romuno ay layuning matugunan at odyokan ang kakulangan ng pondo at kakulangan nang mga guro sa komunidad. #

[redacted]

DAVAO ORIENTAL DSPC DIVISION SCHOOLS PRESS CONFERENCE 2026

Unique Reference Code: 016

Event & Medium: NEWS WRITING- FILIPINO

Level (Elem/Sec): SECONDARY

Rep. Romulo, tiniyak na hindi final ang 'zero budget' para sa mga bagong guro sa 2027

Nilinaw ni Congressman Roman Romulo na hindi pa final ang zero budget para sa mga bagong hire na guro sa taong 2027, sapagkat sinusuri parin ng kongreso ang fund literation ng bansa.

Sa pakikipanayam ng TRUE FM kay Romulo, mariing niyang sinabi na hindi pwede ang zero budget dahil nangangailangan parin ang bansang ng mga guro.

"Hindi pwedeng zero dahil kailangan natin ng mga guro," wika niya.

Sinabi rin ni Roman, na may isinumite ang Department of education o DEPED na isang wishlist, ngunit hinihintay parin ang sagot mula sa kongreso.

Pinaliwanag din ng Congressman na baka hindi kakayanin ang hinihinging pondo na 40,000.

Ayon sa kanya, may pagtaas naman ng sahod para sa teacher I, teacher II, teacher IV, sa kadahilanang nabigyan ito ng pondo para sa taong 2027.

Idinagdag din ni Romulo, na noong nakaraang taon mahigit 10,000 na libo ang na hire bilang school associate ngunit hindi inapruba ng Comission on Civil service o CSC.

Bilang tugon sa mga katanungan hinggil sa 'zero budget' para sa mga bagong guro para sa taong 2027, tinitiyak ni Rep. Romulo na hindi pa ito final dahil hinihintay pa ang detalye mula sa DEPED.

#

Unique Reference Code: 005

Event & Medium: News Writing Filipino

Level (Elem/Sec): Secondary

3rd

14

Zero budget hiring ng DepEd hindi pa kompirmado - Representative

Nilinaw ng ~~Congressman Representative~~ Sam na si Representative Romulo, na hindi pa final ang zero budget ng Department of Education sa pag hire ng mga guro para sa taong 2026.

Sa kaniyang panayam sa 105.9 TRUE FM, ipinaliwanag niyang ang nasabing zero budget ay net pa lamang at ito ay ikokonsedera pa ng mga house leaders at senado.

"Hindi pa naman ito final, at naniniwala akong kinakailangan talagang may teacher, hindi talaga dapat zero at paniguradong marami rin ang nag-aabang para sa posisyon bilang guro" pahayag ni Romulo.

Dagdag pa ni Romulo, 32,000 slots ang inilaan para sa teaching position ngayong 2026 na pinondohan na rin ng DepEd.

"Sa ngayon wala pang na-hire para sa 32,000 slots na binigay ng DepEd dahil hinihintay pa ang desisyon at tinitingnan pa ang fund utilization" saad ni Romulo.

Samantala, ang career progression gaya ng teacher 1, teacher 2 ay nabigyan na rin ng pondo para sa taong 2027, ayon kay Romulo.

Ayon pa kay Romulo, ang 20,000 hiring ng posisyon sa pagka guro noong 2025 ay halos mapuno rin ang slot na umabot ng 19,000.

Unique Reference Code: 006

Event & Medium: NEWS WRITING - FILIPINO

Level (Elem/Sec): SECONDARY

4th

14

DepEd 'Fund utilization' tinitingnan ng kongreso — Rep. Romulo

Pinaliwanag ni Rep. Roman Romulo na hindi pa malinaw ang rason sa 0 na budyet para sa mga bagong guro sa 2027 ngunit isa sa titingnan ang 'fund utilization' ng Department of Education sa inilaang pondo para sa bagong kuhang guro sa 2026.

Ayon kay Rep. Romulo, pinondohan ang halos 32,000 na posisyon para sa mga bagong kuha na guro sa taong 2026 at inaalam ngayon ng kongreso kung napunan na ang mga posisyong ito.

"Sa 2026 kailangan makita ng kongreso kung ilan na ang na fill-up na position [sa 32,000]," giit ni Rep. Romulo.

Inilahad din ni Romulo na nagsumite ng 'wishlist' ang DepEd sa kongreso at senado upang ikonsidera ang naturang pondo.

"Hindi pa final yan," paglilinaw ni Romulo tungkol sa 0 na budyet ng kongreso sa mga mag a-apply na bagong guro sa 2027.

Iginiit ni Romulo na hindi posibleng ma 'zero' ang budyet sa 2027 sapagkat kailangan ng guro sa Pilipinas.

"Wala parin... hinihintay pa ano sagot ng DepEd," pahayag ni Romulo ng tanongin kung may sagot na ang DepEd sa naturang hinihinging 'fund utilization'.

Dagdag ni Romulo na may inilaan na pondo sa ibang programa sa 2027 gaya ng sa 'teachers' progression' para sa mga gurong nais tumaas ang posisyon sa pagtuturo sa DepEd.

[redacted]

DAVAO ORIENTAL DSPC DIVISION SCHOOLS PRESS CONFERENCE 2026

Unique Reference Code: 015

Event & Medium: NEWS WRITING - FILIPINO

Level (Elem/Sec): SECONDARY

5th

Rep. Romulo: Hindi sigurado ang zero na badyet sa mga bagong guro sa 2027

There are better verbs

Binigyang-diin ni Representative Roman Romulo na hindi pa sigurado ang zero na badyet para sa pagkuha ng mga guro sa taong 2027 dahil walang opisyal na resulta ang Department of Education sa mga nag fill-up sa bagong posisyon ngayong taon.

Sa interbasyon ng 105.9 TRUE FM, ipinaha-yag ni Romulo na tinitiyak pa ng congreso kung mayroon na bang 32,000 na mga bagong guro ang may posisyon sa ibat-ibang paaralan upang maging batayan sa magiging badyet sa susunod na taon.

"This year, ang ibinigay na teaching position ay more or less 32,000. DepEd, ilan na ang nag fill-up sa position?", sabi ni Romulo.

Iginiit ng representative na hindi maaaring walang mga guro ang hindi mabibigyan ng pagkakataong magturo sapagkat marami ang nangangailangan ng trabaho at kinakailangan ito ng bansa kahit hindi kaya ang 40,000 na estimadong posisyon.

Binanggit din ni Romulo ang mahigit 10,000 na mga gurong kinuha ngayong taon mula Hulyo hanggang Agosto para sa asosasyon ng mga eskwelahan sa Pilipinas.

Sa ulat niya, nakayanan ang badyet sa 20,000 na mga posisyon ng mga bagong guro at tinatayang nasa 19,000 ang nakatanggap nito noong 2025 ayon sa ibinahagi ng DepEd sa loob ng congreso.

Patuloy ang paghihintay ng congreso sa opisyal na resulta ng DepEd sa 32,000 hiring teaching position sa bansa upang maibigay ang badyet o pondo sa susunod na taon.

#